

Aming Mga Serbisyo

- Ang **Hazardous Materials Division (HMD)** ay nagpapahintulot at nagsasagawa ng mga inspeksyon sa pagsunod sa mga pasilidad na napapailalim sa isa o higit pa sa mga pinag-isang programa
- Ang **Underground Storage Tank (UST) Plan Check** ay nagsusuri at nagpapahintulot ng pagtatayo, pag-upgrade, pagbabago, at/o pagtanggap ng UST
- Ang **Hazardous Materials Business Plan (HMBP) Plan Check** ay tumutulong sa mga bagong negosyo at negosyong sumasailalim sa mga pagpapahusay sa pangungupahan sa pagsunod sa kanilang HMBP
- Ang **Hazardous Materials Duty Desk** ay sumasagot sa mga teknikal na tanong na may kaugnayan sa mapanganib na mga materyal at basura
- Ang **California Environmental Reporting System (CERS) Help Desk** ay tumutulong sa mga pasilidad sa pagkumpleto at pagsusumite ng kanilang impormasyon sa negosyo sa pamamagitan ng CERS
- Ang **Hazardous Incident Response Team (HIRT)** ay nag-iimbestiga at nagpapagaan ng mga emerhensiya na nauugnay sa kemikal at pinangangasiwaan pagkatapos ng mga normal na oras ng negosyo ng mga reklamo para sa Dept. of Environmental Health and Quality (DEHQ). Ang HIRT ay tumutugon kasama ang San Diego Fire Department
- **Community Outreach:** Ang HMD ay nagsasagawa ng outreach sa mga lokal na paaralan, pamilihan, at iba pang pangyayari sa komunidad
- **Kolaborasyon:** Ang HMD ay nakikipagtulungan sa iba pang ahensya, grupo sa industriya, at mga grupo at asosasyon sa komunidad

COUNTY NG SAN DIEGO

DEPARTMENT OF
ENVIRONMENTAL HEALTH
AND QUALITY (DEHQ)

Humingi ng tulong. Kumuha ng Mga Sagot.

Ang pagtulong sa mga negosyong maunawaan kung paano kumuha ng HMD permit at manatiling sumusunod ay nagtataguyod ng pangangalaga sa kapaligiran habang lahat tayo ay nakikibahagi sa benepisyo ng isang mas malinis at mas ligtas na County ng San Diego.

Mga Tanong sa Permit / Invoice:

(858) 505-6661

HMDops@sdcounty.ca.gov

CERS Assistance:

(858) 505-6990

HMDops@sdcounty.ca.gov

Mga Reklamo / Pag-uulat ng Hindi Pinahihintulatang Site:

(858) 505-6657

HMDcomplaint@sdcounty.ca.gov

Iba pang Tanong sa Hazmat:

(858) 505-6880

HMDutyEH@sdcounty.ca.gov

HAZARDOUS MATERIALS DIVISION (HMD)

Mga Permit





Sino ang nangangailangan ng permit mula sa HMD?

Kinakailangan ang Unified Program Facility Permit (UPFP) sa bawat lokasyon kung saan napapailalim ang isang negosyo sa isa o higit pa sa elemento ng pinag-isang programa.

HMBP: Planong Pangnegosyo sa Mapanganib na Mga Materyal

HW: Hazardous Waste and HW Treatment

UST: Underground Storage Tanks

APSA: Aboveground Petroleum Storage Act

CalARP: California Accidental Release Prevention

Aling nalalapat na mga programa ay nakadepende...

- Ano ang mapanganib na mga katangian?
- Ano ang dami ng inimbak/hinahawakan?
- Ano ang tamang halaga ng threshold?
- Basura ba ito? Kung gayon, paano ito pinangangasiwaan?
- Para sa mga tangke, ito ba ay nasa itaas o nasa ilalim ng lupa?

Ano ang HMD?

Ang Department of Environmental Health and Quality (DEHQ) – Hazardous Materials Division (HMD) ay ang itinalagang **Certified Unified Program Agency (CUPA)** para sa County ng San Diego. Ang **CUPA** ay lokal na ahensya na may awtoridad sa regulasyon sa pinag-isang programa. Ang **HMD** at **CUPA** ay kadalasang ginagamit nang nagpapalitan.

Ang layunin ng Hazardous Materials Division ay **protektahan ang kalusugan ng tao at ang kapaligiran** sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mapanganib na mga materyal, mapanganib na basura, medikal na basura, at mga storage tank sa ilalim ng lupa ay maayos na pinangangasiwaan sa pamamagitan ng edukasyon, outreach, at pagpapatupad.

Paano Mag-apply para sa Permit?

Upang panatilihin simple ang unang hakbang hangga't maaari, mag-apply para sa permit kung ginagawa ng iyong pasilidad ang alinman sa mga sumusunod:

- ✓ Pag-generate o pangangasiwa ng mapanganib na basura o medikal na basura sa anumang halaga
- ✓ Pag-iimbak o paghawak ng mapanganib na mga materyal o kemikal hanggang sa o mas mataas sa mga threshold ng HMBP (55 gallon ng likido, 500 pound ng solid, 200 cubic feet ng gas)

Mga karaniwang halimbawa ng Mapanganib na Materyal:

Langis, Diesel, Gasolina, Pintura, Antifreeze, Mga Fertilizer, Mga Compressed Gas, Mga Solvent



Bisitahin ang aming website at punan ang aming [aplikasyon para sa permit](https://www.sandiegocounty.gov/deh/hazmat)

matatagpuan sa

<https://www.sandiegocounty.gov/deh/hazmat>

o tawagan kami sa
(858) 505-6880

